



Mga Madalas na Katanungan Tungkol sa Child Tax Credit

1. Ano ang Child Tax Credit at sino ang maaaring mag-claim nito?

Ang Child Tax Credit ay isang benefit na available sa lahat ng mga magulang na may mga anak na may mga Social Security Numbers at wala pang 17-taong-gulang sa katapusan ng 2020 (ipinanganak noong o pagkatapos ng Enero 1, 2004). Sa taóng ito, mas maraming pamilya ang maaaring makatanggap ng Child Tax Credit, kabilang na ang mga pamilyang hindi pa dating nakapag-file ng mga income tax.

2. Kailangan ko bang ibalik ang perang ito?

Mayroong ilang mga proteksyon na inilaan kaya't hindi na kailangang ibalik ang perang ito kung ang iyong 2021 income ay mas mababa sa \$40,000 (\$60,000 para sa mga mag-asawa at \$50,000 para sa mga pinuno ng mga sambahayan). Subalit kung tumatanggap ka ng payments para sa isang batang hindi mo na dependent, o kung ang iyong income ay nagbago nang husto, maaaring kailanganin mong ibalik ang bahagi o ang kabuuan ng pera.

3. Paano ko ba makukuha ang Child Tax Credit at ano ba ang kakailanganin ko upang i-claim ito?

Kung hindi ka nag-file ng taxes o tumanggap dati ng stimulus checks, maaari mong i-claim ang iyong Child Tax Credit sa [GetCTC.org](https://www.getctc.org); ito'y isang simplified tax filing portal na dinibelop ng Code for America sa tulong ng White House at ng U.S. Department of Treasury. Ito'y madaling gamitin, mobile-friendly, at magagamit sa wikang Ingles at Espanyol.

Ito ang kakailanganin mo:

- Social Security Numbers para sa iyong mga anak at Social Security Numbers o Individual Taxpayer Identification Number (ITIN) para sa iyo (at sa iyong asawa)
- Isang mapapagkatiwalaang mailing address
- Isang email address
- Opsyonal: ang impormasyon tungkol sa iyong bank account (kung nais mong matanggap ang iyong payment sa pamamagitan ng direct deposit; kung hindi ay matatanggap mo ito sa pamamagitan ng tseke)

4. Mayroon bang deadline upang kunin ang Child Tax Credit?

Maaari kang mag-sign-up upang matanggap ang mga buwanang payments gamit ang [GetCTC.org](https://www.getctc.org) hanggang sa Nobyembre 15, 2021. Gayunpaman, ang mga eligible na pamilya ay hinihikayat na mag-sign-up sa lalong madaling panahon. Kapag nag-sign-up ka nang maaga, mas magkakaroon ng panahon ang IRS na iproseso ang iyong impormasyon upang masimulan ang mga buwanang payments. Kailangan mong mag-file ng income tax return sa 2022 upang matanggap ang natitirang payment.

5. Makukuha ko ba ang Child Tax Credit kung hindi ako U.S. citizen?

Kung ang iyong anak ay may Social Security Number (SSN), ikaw ay eligible para sa Child Tax Credit payments. Ang mga magulang ay hindi kinakailangang magkaroon ng SSN, pero dapat mayroon silang isang Individual Taxpayer Identification Number (ITIN) upang i-claim ang Child Tax Credit para sa kanilang mga eligible na anak. Maaari kang mag-sign-up sa pamamagitan ng [GetCTC.org](https://www.getctc.org) portal gamit ang isang Individual Taxpayer Identification Number (ITIN).



Mga Madalas na Katanungan Tungkol sa Child Tax Credit

Maaari kang mag-apply para sa isang ITIN upang matanggap ang Child Tax Credit payments. Pero hindi mo maaaring gamitin ang [GetCTC.org](https://www.getctc.org) non-filer form. Sa halip nito, dapat mong punan ang isang aplikasyon para sa isang ITIN at isang papel na 2020 income tax return at magkasama itong ipadala sa IRS.

6. Makukuha ko ba ang benefit na ito kung ako'y caregiver o lolo/lola na nag-aalaga ng mga bata?

Oo. Basta ang bata ay 17-taong-gulang o mas bata, maaari mong i-claim bilang iyong dependent, nakatira kasama mo nang mahigit sa kalahating taon, at hindi siya nagbibigay ng higit sa kalahati ng kanyang sariling suporta, maaari mong i-claim ang Child Tax Credit payments para sa kanya.

7. Maaapektohan ba nito ang aking ibang public benefits tulad ng health insurance, food at nutrition programs, at housing?

Hindi, ang pagtanggap ng Child Tax Credit payments ay hindi isinasaalang-alang na income para sa anumang pamilya. Hindi nito babaguhin ang halagang natatanggap mo sa ibang federal benefits, kabilang ang unemployment insurance, Medicaid, SNAP, SSI, SSDI, TANF, WIC, Section 8, o kaya Public Housing.

8. Maaapektohan ba ng pagtanggap ng Child Tax Credit ang aking immigration status o kakayahang kumuha ng green card?

Hindi, kapag tumanggap ka ng Child Tax Credit o ibang tax credits para kung saan ikaw ay eligible, hindi maaapektohan ang iyong immigration status, ang iyong kakayahang kumuha ng green card, o ang iyong immigration plans sa darating na panahon. Ang paggamit ng tax credits ay hindi isinasaalang-alang sa isang "public charge" determination ng U.S. Citizenship and Immigration Services.

9. Sino ang mapagkakatiwalaan kong tumulong sa akin na mag-claim ng aking Child Tax Credit?

Ang kaisa-isang paraan upang mag-sign-up para sa Child Tax Credit payments ay ang mag-file ng isang 2020 income tax return sa IRS o ang gumamit ng non-filer form mula sa IRS o [GetCTC.org](https://www.getctc.org).

Nais ipaalám ng IRS sa mga tao na maaaring gamitin ng mga magnanakaw ang payments na ito upang magnakaw sa iyo. Kaya't dapat maging alerto sa mga kriminal na humihiling sa iyo sa telepono, email, text, o kahit na sa social media, na patunayan mo ang iyong impormasyon upang makakuha ka ng advance Child Tax Credit payments.

Hindi kinokontak ng IRS ang taxpayers gamit ang email, text message, o social media channels upang humingi ng personal o pinansyal na impormasyon.

Pagdating sa mga tawag sa telepono, tandaan na ang IRS ay hindi nag-iwan ng pre-recorded na mensahe, mensaheng nangangailangan kaagad ng iyong atensyon, o nagbabantang mga mensahe. Halimbawa, kung nakakuha ka ng voicemail na nagsasabing mag-iisyu ng warrant upang arestuhin ka, hindi iyon IRS.